

## Impormasyon ukol sa 「Hokkaido Vaccination Center」 (Reserbasyon ng bakuna sa site ng WEB reservation)

Upang mapigil ang paglawak ng impeksyon, ang Hokkaido Vaccination ay nagsasagawa ng Bakuna para sa mga karapat-dapat na residente ng Ishikari SubPerfecture (Sapporo, Ebetsu, Chitose, Eniwa, Kitahiroshima, Tobestu at Shinshinotsu). (Ang gagamiting bakuna ay Takeda/Moderna).

**\*Ang Hokkaido Vaccination Center ay hindi na tumatanggap ng reserbasyon para sa unang dose na bakuna ng COVID-19. Mula Biyernes, Septiyembre 24, ang mga isasagawa lamang ay ang mga pang-pangalawang dose ng bakuna.**

### <Mga Karapat-dapat>

Para sa mga nakatangap na nang kanilang unang dose ng Bakuna mula sa Hokkaido Vaccination Center, at nakapag-reserba na para sa kanilang pangalawang dose.

### <Venue ng Bakuna>

Hotel Emisia Sapporo (Atsubetsu chou 2 jo 5 chome Atsubetu ku, Sapporo City)

※Basahin po ang buod na impormasyon ng Center na nasa link sa ibaba.

[www.pref.hokkaido.lg.jp/hf/kst/covid/62288.html](http://www.pref.hokkaido.lg.jp/hf/kst/covid/62288.html) (Wikang Hapon lamang)

### <Oras ng Pagtanggap>

Lunes • Miyerkules • Huwebes • Sabado • Linggo : 10:00~17:00

Martes • Biyernes : 12:30~19:30

### <Paunawa>

- Ang maaaring magpabakuna nang pangalawang beses pagkaraan ng 28 araw matapos ang unang bakuna lamang ang magiging karapat-dapat.
- Hindi maaaring mag pa reserba sa venue ng bakuna (Hotel Emisia Sapporo)
- Ang hindi nakareserba ay hindi maaaring magpabakuna kahit pumunta nang direkta sa venue. Iwasang tumawag sa hotel para sa mga katanungan.
- Hindi makakapasok sa venue kung walang suot na mask.

### < Homepage ng Bawat Lungsod >

Sapporo: [www.city.sapporo.jp/2019n-cov/vaccine/index.html](http://www.city.sapporo.jp/2019n-cov/vaccine/index.html)

※Maaaring mag pa reserba sa pamamagitan ng telepono (Numero 050-3684-9238)

Ebetsu: [www.city.ebetsu.hokkaido.jp/site/corona/86777.html](http://www.city.ebetsu.hokkaido.jp/site/corona/86777.html)

Chitose: [www.city.chitose.lg.jp/docs/19168.html](http://www.city.chitose.lg.jp/docs/19168.html)

Eniwa: [www.city.eniwa.hokkaido.jp/coronajyohou/wakutinsessyu/12155.html](http://www.city.eniwa.hokkaido.jp/coronajyohou/wakutinsessyu/12155.html)

Kitahiroshima: [www.city.kitahiroshima.hokkaido.jp/hotnews/detail/00141855.html](http://www.city.kitahiroshima.hokkaido.jp/hotnews/detail/00141855.html)

Ishikari: [www.city.ishikari.hokkaido.jp/soshiki/74/63387.html](http://www.city.ishikari.hokkaido.jp/soshiki/74/63387.html)

Tobetsu: [www.town.tobetsu.hokkaido.jp/site/wakuchin1/](http://www.town.tobetsu.hokkaido.jp/site/wakuchin1/)

Shinshinotsu: [www.vill.shinshinotsu.hokkaido.jp/hotnews/detail/00000913.htm](http://www.vill.shinshinotsu.hokkaido.jp/hotnews/detail/00000913.htm)

Kitahiroshima: [www.city.kitahiroshima.hokkaido.jp/hotnews/detail/00141855.html](http://www.city.kitahiroshima.hokkaido.jp/hotnews/detail/00141855.html)

Tobetsu: [www.town.tobetsu.hokkaido.jp/site/wakuchin1/](http://www.town.tobetsu.hokkaido.jp/site/wakuchin1/)

### <Suporta mula sa mga Mobile Phone Shops para sa pagkuha ng reserbasyon online>

Simula Hunyo 8, 2021, ang Docomo Shops, au Shops, UQ Spots, SoftBank Shops, and Ymobile Shops ay nagbibigay ng suporta sa pagkuha ng reserbasyon ng bakuna ng COVID-19 online.

Kanila lamang ituturo ang pag input o pag type ng mga detalye. Ang aktuwal na pag input o pag type ng detalye ay kinakailangang gawin ng taong magpapabakuna.

Matapos makumpirma ang panahon ng pagtanggap ng reserbasyon, mangyaring kumuha muna ng appointment sa napiling mobile shop sa pamamagitan ng email o telepono. Siguraduhin rin na dala ang tiket ng bakuna sa pagpunta sa mobile shop para sa reserbasyon.

Ang Mobile phone shop ay hindi nagpapahiram ng smartphones, at iba pa. At unawain na maaari silang hindi makapagbigay ng suporta kung nagkataon na maraming nag access sa site ng pag aplay online, o kaya ay maraming kostumer sa loob ng shop.

### <Hokkaido Vaccination Center WEB Reservation Support Dial>

TEL: 050-3851-0181

Oras: 9:00 umaga – 4:00 hapon (ganoon rin sa katapusan ng linggo at araw ng pista)

\*Wikang Hapon lamang (Para sa interpretasyon, huwag mag atubiling tumawag saHokkaido Foreign Residence Support Center)